



Si DOST Secretary Mario G. Montejo habang ipinahahayag ang planong paggawa ng kagawaran ng water hyacinth harvester sa lalong madaling panahon. (Kuha ni Jerry Palad, S&T Media Service, STII)

Kaunlaran ng mga lalawigan isinusulong ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

Upang makamit ang minimithing paglago ng pambansang ekonomiya sa ilalim ng administrasyong Aquino, binigyang diin sa nakaraang pagtitipon sa DOST Region 3 sa San Fernando City, Pampanga ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo ang pagsusulong ng kaunlaran sa mga lalawigan.

Ayon kay Montejo, mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga tanggapang pangrehiyon ng DOST upang maisulong ang mga serbisyo't programa ng kagawaran para sa mga small to medium-sized firm upang ito ay makasabay sa merkado, makalikha ng mga hanap-buhay sa mas maraming tao at makagawa ng iba't ibang paraan na mapagkakakitaan upang hindi na lisanin ng mga tao ang kani-kaniyang lalawigan upang maghanap ng hanap-buhay.

"Sa kabila ng ating mga tagumpay, kailangan pa rin nating hikayatín ang maraming tao upang magtiwala sa agham at teknolohiya at sa mga kapakinabangan nito sa pagpapabuti sa ating kabuhayan. Sa ganitong sundan sa pahina 2

DOST gagawa ng water hyacinth harvester

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

Dahil sa pagbaha ng ilang mga bayan sa Mindanao kamakailan, ang Department of Science and Technology ay inatasan ng Malacañang na humanap ng kaagarang solusyon sa suliranin ng pagdami ng water hyacinth at kung paano ito matatanggal sa mga ilog katulad ng sa Rio Grande de Mindanao.

"Dalawang paraan ang aming nakikitang solusyon sa suliranin ng water hyacinth: una ay kung paano ito matatanggal at pangalawa ay kung paano ito gagamitin," pahayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo.

"Pinag-aaralan na ng DOST ang mga potensyal na gamit ng water hyacinth na angkop sa pang munisipal at pang-industriyang gamit," dagdag ni Montejo. "Kung ito ba ay gagamitin natin para sa handicraft o bilang materyal para sa biogas o pang-produksyon ng mga tela?"

Pinagtutuunan ngayon ng pansin ang pagtuklas ng mas epektibong paraan ng pagtanggap ng mga bara na dulot ng water

hyacinth. "Posibleng subukan ngayong buwan ng Hulyo sa isang bahagi ng Ilog Pasig o sa Pampanga ang teknolohiyang water hyacinth harvester ng DOST," pahayag ni DOST Assistant Secretary Robert Dizon.

Dagdag pa ni Dizon na ang harvester na gagawin ng DOST ay ihahalintulad sa mga kasalukuyang makinang ginagamit sa mga bansang tropikal na mayroong kaparehong suliranin. Ngunit ito ay iaangkop sa lokal na kondisyon at gagamit ng mga bahagi at piyesang mayroon sa bansa.

Ayon naman kay Dr. Amelia P. Guevara, Executive Director ng Philippine Council for sundan sa pahina 2

Nilalaman

- Flash card, kontra peligro ng lindol **p. 2**
- Digital library inilunsad ng DOST **p. 3**
- Alternatibong materyales para sa handicraft, pinag-aaralan ng DOST **p. 4**

Kaunlaran sa ...

Mula sa pahina 1

paraan natin maipaparamdam sa kanila na nasa siyensiya at teknolohiya ang daan sa pag-unlad," wika ni Montejo.

Hinamon din ni Montejo ang mga provincial director at mga kawani ng DOST 3 na higitan ang kanilang mga target, partikular sa aspeto ng technology commercialization at public assistance. Dagdag pa niya, ang bawat public servant ay dapat nagsusumikap na mapanatiling mayroong mahalagang kakayahan na angkop sa paglilingkod sa mga tao gaya ng mga negosyanteng kliyente ng kagawaran na patuloy na nagsusumikap.

Ang pagbisita ng kalihim sa mga tanggapan pangrehiyon ay bahagi ng kanyang regional trip upang bisitahin ang mga proyekto ng kagawaran sa ilalim ng SETUP sa Region 1 hanggang 3 at ang CAR. Ang SETUP o ang Small Enterprises Technology Upgrading



Si DOST Secretary Mario G. Montejo sa kanyang pinakahuling pagbisita sa DOST Region 3 (Kuha ni Alan C. Taule, S&T Media Service, DOST)

Program ay isang kampanya upang pasiglahin at tulungan ang mga small at medium entrepreneur na gamitin ang mga inobasyon mula sa DOST upang mapahusay at mapalakas

ang kanilang operasyon at produksyon.

Sa pamamagitan ng iba't ibang tulong teknikal ng SETUP, ang mga kumpanya ay natutugunan ang mga suliranin higit sa pangangailangang teknikal upang mapabuti ang kalidad ng mga produkto at serbisyo ng mga ito.

Ang SETUP ay isang pambansang estratehiya ng DOST upang hikayatin at tulungan ang mga SME na mapahusay ang operasyon at mapaganda maging ang kanilang mga produkto at serbisyo. Sa taong 2009, ang SETUP ay nakapagproseso na ng 331 mga proyekto na nagkakahalaga ng Php211,480,420.90.

Sa ngayon, ang DOST ay patuloy pa rin sa pagtanggap ng mga aplikasyon mula sa mga SME na nagnanais na sumailalim sa programang SETUP.

DOST gagawa...

Mula sa pahina 1

Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development ng DOST (DOST-PCIEERD). "Maaring magkaroon tayo ng isa pang problema kung hahayaan lamang nating itambak sa baybayin ng mga ilog ang mga tinanggal na water hyacinth. Ang agarang pwedeng gawin natin sa nakuhang tambak na water hyacinth dito ay gamitin ito bilang landfill."

Ipinaliwanag ni Guevara na hindi kailangang tuluyang tanggalin ang mga halamang ito, bagkus, ay mapigilan ang pagdami nito. Ang mga halamang ito ay nakatutulong sa pagbalanse ng ecosystem dahil may kakayahan itong linisin ang tubig-ilog.

Bukod dito, pinag-aaralan ng DOST-PCIEERD ang water hyacinth bilang panggatong para sa paggawa ng biogas.

Maliban sa handicraft, maaari ring gamitin ang water hyacinth bilang pakain sa hayop at isda, charcoal briquette, fiber board, textile fiber, at organikong fertilizer.

Ayon pa kay Philippine Council for Aquatic and Marine Research and Development (DOST-PCAMRD) Executive Director Cesario R. Pagdilao, ang kanilang ahensiya ay nagbigay ng suportang teknikal sa Sultan Kudarat sa Mindanao upang mapakinabangan ang mga water hyacinth na nakuha sa Lake Buluan bilang mga tsinelas, bag at iba pang mga kagamitan.

(Impormasyon mula kay Rodel G. Offemaria, S&T Media Service, STII)

Flash card, kontra peligro ng lindol

Ni Charmaine V. Villamil
S&T Media Service, *Phivolcs*



Ang flashcard ng Phivolcs na mayroong signlanguage. (Kuha ng DOST-Phivolcs)

Upang mabigyan ng tamang edukasyon sa tamang paghahanda sa pagharap sa kalamidad tulad ng lindol, ang Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (DOST-Phivolcs) ay namahagi ng mga flash card sa Department of Education (DepEd).

Ang simple ngunit makulay na flash card ay idinisenyo bilang gamit panturo sa mga kabataan, kabilang na ang mga may kapansanan sa pandinig, kung paano proteksyunan ang sarili kung may lindol. May tatlong edisyon ang flash card, "Ahh Ngayon Alam ko na", na mayroong 16 pahina; "Mga Dapat Gawin Kapag may Lindol", ang 11 pahinang flash card na mayroong sign language, at "Talahuluganan ng Tsunami" o ang Tsunami Glossary. Ang mga flash card ay isinalin din sa DVD format na may pamagat na "Tsunami Teacher" habang mayroon ding tsunami sticker bilang karagdagan sa mga flash card.

Ayon kay DOST-Phivolcs Director Renato U. Solidum Jr., "Ang mga flash card ay mainam na magamit ng mga guro sapagkat sila ay maaring makipag-interact sa kanilang mga estudyante. Ito ay epektibong visual aid sa mga baranggay na kahit walang kuryente o Power Point presentation, ito ay maiintindihan ng mga tao."

Ang Phivolcs ay naghalaw at nagsalin sa Tagalog ng mga impormasyon para sa lindol at tsunami sa ilalim ng Tsunami Awareness and Preparedness Tools and Materials Assessment Project ng UNESCO-Jakarta. Ang mga ito ay ipinakakalat sa pamamagitan ng mga pagsasanay para sa mga guro sa iba't ibang lungsod gaya ng Pagadian sa Zamboanga Del Sur, Malabon at Navotas sa Maynila. Sa Navotas, ang mga empleyado ng mga daycare center at mga opisyal ng baranggay at lungsod ay binahagian din ng mga flash card.

Digital library inilunsad ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII

Sa layuning makapagbigay ng mahahalaga at napapanahong impormasyon, inilunsad ng Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang S&T Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Stations o STARBOOKS, ang one stop shop ng mga impormasyong pang-agham, pangteknolohiya at maging pangkabuhayan.

Ang STARBOOKS ay isang stand alone at onsite research kiosk na nagbibigay ng libreng impormasyon.


Ayon kay DOST-STII Director Raymund E. Liboro, ang STARBOOKS ay naglalaman ng ilang daang libong koleksyon ng mga titulo ng mga reference material mula sa DOST-STII library pa lamang.

Ang DOST-STII ay tinatayang mayroong 500,000 mga titulo mula sa mga journal/serial publication, annual report, theses at dissertation, technical at project report, directory at marami pang iba.

Malaki ang kaibahan ng STARBOOKS kumpara sa ibang mga library portal sapagkat ito ay hindi nangangailangan ng Internet upang maibahagi nito ang mga impormasyong kinakailangan ng mga gagamit.

Ito rin ay naglalaman ng mga technology video mula sa DOST para sa mga negosyante o kahit simpleng maybahay lamang na naghahanap ng mapagkakakitaan gamit ang mga science-based livelihood technology.

Sa pagsisimula nito, mayroong 171



Ang STARBOOKS kiosk na nakalagak sa tanggapan ng STII sa Bicutan, Taguig City (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)

technology video ang bawat kiosk. Ang mga video ay nagmula sa iba't ibang ahensiya ng DOST at naglalaman ng mga paksa mula sa food processing hanggang sa paggawa ng sabon.

Sa ilalim ng proyekto, ang DOST-STII ay maglalagay ng mga kiosk sa sampung provincial library. Kabilang sa ipamamahagi ay ang tatlong unit ng computer na mayroong touch screen monitor. Ang STII na rin ang bahala sa pagdaragdag ng mga nilalaman ng STARBOOKS upang ang impormasyong ay mapanatiling mahalaga at napapanahon.

"Aming minimithi na sa bawat barangay

sa bansa ay magkaroon ng STARBOOKS upang ang mga S&T information ay makarating sa bawat Filipino. Aming inaasahan na ang proyekto ay makapukaw ng interest ng mga taong mayroong hilig sa agham at teknolohiya, maging ang mga negosyante," pahayag ni Liboro.

Sa paglulunsad kamakailan ng Starbooks, sinabi ni DOST Secretary Mario G. Montejo, "Aking binabati ang DOST-STII sa matagumpay na paglulunsad ng proyektong ito na kung saan hindi lamang ang mga mag-aaral natin ang makikinabang, ngunit maging ang mga kababayan nating mahilig magnegosyo sa ating mga lalawigan."

Aristotle P. Carandang

Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano

Layout/Graphics

Mario B. Buarao

Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph



DOST - Discovery Channel partnership. Pormal na nilagdaan kamakailan sa pagitan ng Department of Science and Technology at Discovery Channel ang Memorandum of Agreement bilang hudyat ng pakikipagtulungan sa pagitan ng DOST at Discovery Channel sa mga proyektong laan nito na ipalaganap ang agham at teknolohiya sa bansa. Kabilang dito ay ang "Juan Time" na magtataguyod ng Philippine Standard Time. Ang mga nasa larawana mula kaliwa: DOST- Science and Technology Information Institute Director Raymund Liboro, DOST Secretary Mario Montejo, Discovery Channel Local Representative Jonathan Ruby, at Marketing and Events Head Ria Damian. (Kuha ni Framelia V. Anonas, S&T Media Service, STII)

Alternatibong materyales para sa handicraft, pinag-aaralan ng DOST

Ni Arjay C. Escondo
S&T Media Service, STII

Sa paglipas ng panahon, mabilis na nauubos ang ating mga kagubatan. Dulot nito ay kakulangan sa suplay para sa iba't ibang industriya, higit sa lahat ang sektor ng handicraft at furniture.

Upang matugunan ang mga pangangailagan ng mga nasabing sektor, ang Department of Science and Technology sa pamamagitan ng Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) ay nananaliksik ng posibleng pagkunan ng alternatibong raw materials, ayon kay Dr. Ramiro P. Escobin, Scientist I sa DOST-FPRDI Anatomy and Forest Botany Section.

"At present, our furniture and handicraft industries are experiencing extreme shortage of raw materials and alternative solutions must be sought in order for these industries to survive," ayon kay Escobin, isa sa pangunahing mananaliksik patungkol sa alternatibong raw materials.

Pinag-aaralan ng DOST-FPRDI ang mga non-timber forest products (NTFP) na mainam na kapalit ng karaniwang ginagamit na raw materials. Ilan dito ay itinuturing na damo o "low-value products" na maaring magamit bilang raw materials dahil singdami at singtibay rin ng mga karaniwang ginagamit na materyales.

Isa sa maaring ipalit sa rattan at iba pang kahoy ay ang "climbing bamboos", na madalas lamang ginagamit bilang banana cue sticks, mga trellis, at kaing para sa mga prutas at gulay. Ang "climbing bamboos"



Ang mga makukulay na dekorasyong gawa sa mga alternatibong materyales. (Kuha ng DOST-FPRDI)



Ang ilang alternatibong materyales na itinuturing lamang na isang damo ay maaaring makagawa ng singganda at singtibay ng mga karaniwang materyales na ginagamit sa paggawa ng sumbrero. (Kuha ng DOST-FPRDI)

ay ginagawa na rin bilang hawakan sa mga pambabaeng handbag at ilang parte ng furnitures.

Tulad ng mga "climbing bamboos", ang mga baging ay isa sa mga grupo ng halaman na hindi nabibingyang-pansin na pag-aralan kahit na may malaki itong potensyal para gawing palamuti, tray, vase, at ilan pang handicraft na maaring pang-export. Maari itong maging karagdagang pagkakakitaan lalo na ang mga nasa kanayunan. Inipon ng DOST-FPRDI ang mga impormasyon ukol dito at ang tamang paggamit dito.

Tinitingnan din ng ahensya ang iba pang raw materials gaya ng mga fiber plants na maaaring gamitin sa paggawa ng mga mamahaling handbags, banig at sombrero.

Ang water hyacinth o kilala sa tawag ng water lily, na kadalasan ay bumabara sa mga ilog at lawa, ay maaari namang gawing handicraft at palamuti sa mga silya at mesa; at ang mga bunga, bulaklak, ugat at buto ng marami pang native na halaman ay malaki rin ang potensyal.

Maliban sa pagsusuri sa mga bagong mapagkukunan ng mga materyal, pinagaaralan rin ng FPRDI ang pagproseso sa non timber forest products, gaya ng preservation at ilang drying techniques para rito.

"Through our studies, we help our clients sustain their businesses by introducing them to a wide array of raw materials that were once unknown to them. We are hopeful that more entrepreneurs would be encouraged to venture into the furniture and handicraft business through the aid of FPRDI's technologies," pahayag ni DOST-FPRDI Director Romulo Aggangan.

Ang pananaliksik ng ahensya ukol sa mga bagong raw materials ay isinasagawa sa pakikipagtulungan sa Provincial Science and Technology Center ng DOST at ng Community and Provincial Environment and Natural Resources Offices ng Department of Environment and Natural Resources.

Ang pagiging malikhain ng mga Pinoy at ang kaalamang teknikal mula sa DOST-FPRDI, ang magbibigay pag-asa sa industriya ng handicraft at furniture sa bansa.

(Impormasyon mula kay Apple Jean C. Martin, S&T Media Service, FPRDI)